**Mga Klinikal na Form ng Pahintulot sa Gamot sa Gabay ng Avatar**

## SCRIPT PARA SA BAGONG GAMOT

***Makikita ang lahat ng papel na bersyon ng mga form ng pahintulot sa https://www.smchealth.org/consents**

### PANIMULA

Dahil pumayag kang gumamit ng gamot para makatulong sa iyong kundisyon, gusto kong ilahad at ipaliwanag ang ilang panganib, benepisyo, at alternatibo sa iyo. **Ayos lang ba iyon?**

Gusto kong mag-email sa iyo ng kopya ng pahintulot na ito kapag nasuri na natin ito. **Ano ang iyong email address?**

**Paalala sa clinician:* ***idagdag ang email address sa form na "Update Client Data" (I-update ang Data ng Kliyente)*** *sa Avatar. Kapag na-email mo ang PDF na bersyon sa kliyente,* ***ilagay ang #sec# sa linya ng paksa ng email para i-encrypt ito****. Tingnan ang mga template ng email sa ibaba ng dokumentong ito.*

Ang (mga) gamot na gusto kong ireseta ay_________

Ang dahilan ng paggamit sa (mga) gamot na ito ay__________

Ang gamot na ito ay ginagamit sa pamamagitan ng (ruta), at ang dosis at dalas nito ay

__________

Makakatulong ang (mga) gamot na ito na pabutihin ang iyong pakiramdam, at bawasan ang

_____________

Puwede ring makaranas ka ng ilang side effect. Gusto kong ilarawan ang mga posibleng side effect at ang dapat gawin kung sakaling maranasan mo ang mga ito (tingnan ang listahan sa ibaba ng dokumentong ito).

Ang mga alternatibong paggamot na puwedeng makatulong (kasabay ng inireseta o kapalit na gamot) ay: iba pang gamot na nasa parehong kategorya, therapy/pagpapayo, mga peer support group, pamamagitan kaugnay ng pag-uugali, pag-eehersisyo, at masusustansyang pagkain.

Posibleng magkaroon ng mga interaksyon sa gamot sa iba pang gamot. Ipaalam sa akin ang iba pang gamot na ginagamit mo. Kasama rito ang mga recreational na gamot, over-the-counter na gamot, o natural/herbal na supplement.

Para sa mga babaeng kliyente: Posibleng may mga panganib sa gamot sa isang hindi pa naisisilang o pinapasusong sanggol. Ipaalam sa akin kung ikaw ay may anumang posibilidad o intensyong mabuntis o magpasuso.

Dahil nakakaapekto ang mga ito sa pag-iisip, dapat iwasan ang alak at/o gamot na recreational/nakukuha sa kalye/ilegal. Ang mga ito ay posible ring magdulot ng mga mapanganib na interaksyon at makasama sa nilalayong pagkilos ng mga inireresetang gamot.

Tandaang puwedeng makaapekto ang mga gamot sa kakayahang magmaneho o magpatakbo ng kagamitan. Hindi ka dapat magmaneho o gumamit ng heavy machinery hangga't hindi mo nalalaman ang epekto sa iyo ng (mga) iniresetang gamot.

Mahalagang gamitin mo ang lahat ng gamot ayon sa reseta, at na hindi mo ihinto ang paggamit sa mga ito nang hindi muna nakikipag-usap sa akin. Kapag inihinto ang mga gamot, lalo na kapag biglaan, puwedeng magkaroon ng mga hindi kanais-nais na side effect.

**Sumasang-ayon ka bang inumin/gamitin ang (mga) gamot ayon sa reseta?** Mahalaga ito lalo na kapag nagsisimula ng mga bagong gamot o nagpapalit ng dosis. Makipag-ugnayan sa akin tungkol sa anumang hindi pangkaraniwan o hindi kanais-nais na side effect. Dapat makipag-ugnayan sa mga emergency na serbisyo (911) kung malala ang mga hindi kanais-nais na side effect.

**Nakuntento ka ba sa isinagot ko sa lahat ng iyong tanong? Sinasang-ayunan, pinapahintulutan, at tinatanggap mo ba ang mga panganib sa (mga) gamot na pinag-usapan natin?**

Mayroon kang karapatang tumanggi na gamitin ang (mga) gamot na ito. Gayunpaman, inirerekomenda ko ang mga ito at sa palagay ko ay maiibsan ng mga ito ang iyong mga sintomas. Puwede kang magtanong o humingi sa akin ng karagdagang impormasyon anumang oras.

## Susuriing Paliwanag ng Mga Side Effect sa Form ng Pahintulot

*Ang lahat ng side effect na nakasaad sa ibaba ay puwedeng mangyari pagkatapos ng panandalian o pangmatagalang (> 3 buwan na) paggamot gamit ang gamot. Lubos na pinagsikapang tugunan dito ang mga side effect na kapansin-pansin o malamang ay mangyari, pero hindi lahat ng posibleng side effect ay maililista o mahuhulaan. Mahalagang ipaalam kaagad sa iyong tagapagreseta ang anumang side effect na mararanasan mo sa lalong madaling panahon.

Mga posibleng side effect na mga karaniwang alalahanin sa maraming gamot: mga allergic na reaksyon, pagduruwal, pagsusuka, pananakit ng ulo, pagkahilo, pagkahapo, panunuyo ng bibig, pagtitibi, pagtatae, pagbabago sa timbang, pagbabago sa pagtulog at pagiging alerto, disorder sa paggalaw, sekswal na dysfunction, depekto sa kapanganakan, at kapag ang gamot ay mahigit >3 buwan nang ginagamit: osteoporosis, tardive dyskinesia, dysfunction sa atay/bato, mga disorder sa dugo; at ang mga nasa ibaba na nauugnay sa isang partikular na kategorya ng gamot.

**Antipsychotic:** Mga karagdagang posibleng side effect: pagdami ng asukal sa dugo/lipid, paglabo ng paningin, pagkabalisa, panginginig, paninigas ng mga kalamnan, neuroleptic malignant syndrome (mataas na lagnat, rigidity, pagdedeliryo, pag-collapse ng circulatory at respiratory system), kumbulsyon, hindi regular na ritmo ng puso, paglaki ng posibilidad na ma-stroke o mamatay sa mga nakatatandang may dementia; paggamot > 3 buwan: diabetes, metabolic syndrome, pagkaunti ng mga blood cell, tardive dyskinesia (mga hindi boluntaryong paggalaw ng ulo, leeg, at mga braso o binti na posibleng hindi reversible at lumabas pagkatapos ihinto ang mga gamot).

**Antidepressant:** Mga karagdagang posibleng side effect: paglabo ng paningin, kawalan ng kakayahang ilabas ang lahat ng ihi, kumbulsyon, abnormal na presyon ng dugo, hindi regular na ritmo ng puso, mga pagbabago sa mood, pagiging iritable, karahasan, pag-iisip at gawing nagpapakita ng kagustuhang magpakamatay (lalo na sa kabataan); paggamot > 3 buwan: sekswal na dysfunction, metabolic syndrome, tardive dyskinesia.

**Antianxiety/Hypnotic:** Mga karagdagang posibleng side effect: problema sa pagtutuon ng pansin, pagkalito, pagiging malamya, kawalan ng inhibisyon, hindi kanais-nais na synergistic na epekto kapag ginamit kasabay ng alak at iba pang gamot, kasama ang mga opioid analgesic; paggamot > 3 buwan: tolerance/dependency, pagkalulong.

**Pang-stabilize ng Mood:** Mga karagdagang posibleng side effect: malalang pamamantal/mucosal blister, posibleng nakamamatay, pagkalito, dysfunction sa atay/lapay, pagkaunti ng mga blood cell, mga depekto sa kapanganakan; **paggamot >3 buwan:** hyponatremia, mga problema sa ovary (valproic acid).

**Lithium:** Mga karagdagang posibleng side effect: pagkauhaw, pagdami ng ihi, panginginig, mga depekto sa kapanganakan; **paggamot >3 buwan:** tighiyawat, disorder sa thyroid, pagpalya ng bato.

**Gamot sa Attention Deficit Hyperactivity Disorder:** Mga karagdagang posibleng side effect: nabawasang gana sa pagkain/paglaki, pagkabalisa, abnormal na presyon ng dugo/ritmo ng puso. Atomoxetine: bihirang pinsala sa atay na posibleng may kasamang paninilaw, pananakit ng tiyan, paninilaw ng ihi, mga sintomas na tulad sa trangkaso. Mga Stimulant: psychosis, pag-iisip na magpakamatay, pagiging agresibo, biglaang hindi maipaliwanag na pagkamatay, may kasabay, sa pangkalahatan, na (hindi nade-detect na) abnormalidad sa istruktura ng puso; paggamot >3 buwan: tolerance/dependency, pagkalulong.

**Gamot sa Parkinson's:** Mga karagdagang posibleng side effect: paglabo ng paningin, pagpurol ng isip, problema sa pag-ihi; paggamot > 3 buwan: sekswal na dysfunction, glaucoma, pag-dilate ng bituka.

## Mga agent ng Paggamot Gamit ang Gamot

### Acamprosate

Mga karagdagang posibleng side effect: anorexia, panghihina ng kalamnan, pakiramdam na parang mahihimatay, depresyon

### Buprenorphine

Mga karagdagang posibleng side effect: pananakit, pamamawis, pakiramdam na parang mahihimatay, mga posibleng impeksyon o kumplikasyon sa atay

### Buprenorphine/Naloxone

Mga karagdagang posibleng side effect: pananakit, pamamawis, pakiramdam na parang mahihimatay, pamamanhid o paghapi ng bibig (film lang), mga posibleng kumplikasyon sa atay, withdrawal (panginginig, pamimilipit ng tiyan, pagiging iritable, pananakit ng katawan)**.**

## Clonidine

Mga karagdagang posibleng side effect: napakababang presyon ng dugo / napakabagal na tibok ng puso, withdrawal syndrome (pagbalik ng altapresyon, pamumula), pakiramdam na parang mahihimatay at pagkahimatay; iritasyon, pamamaga, o pakiramdam na tinutusok-tusok sa balat (sa bahagi kung saan inilagay ang patch), panunuyo ng mga mata o bibig, pagiging iritable, mga bangungot, pananakit ng o impeksyon sa tiyan, pagkahilo, pagkaantok.

## Disulfiram

Mga karagdagang posibleng side effect: pagkaantok, lasang metal o mapait na lasa sa bibig, paglabas ng mga tighiyawat

Mga bihira o malalang side effect: pananakit o pagkapinsala ng nerve, psychosis, pamamantal, mga pagbabago sa paggana ng atay o pagpalya ng atay

## Pamalit sa Nicotine

Mga karagdagang posibleng side effect: pananakit ng kalamnan, mga problema sa pagtulog, pananakit ng lalamunan, pamamanhid ng bibig (gilagid/mga lozenge), ubo, lokal na iritasyon, hindi natutunawan, pagsinok, iritasyon sa bibig, pananakit ng panga (gilagid), pananakit ng dibdib

Nasal spray/inhaler: baradong ilong, tumutulong sipon, pagluluha, pamumula, mga panandaliang pagbabago sa pang-amoy at panlasa, pananakit ng likod, pananakit ng kasu-kasuan

## Naltrexone (oral o IM)

Mga karagdagang posibleng side effect: pananakit ng tiyan, kalamnan, o kasu-kasuan, at pagkalito. Oral: pagiging kalmado, pagkaramdam ng nerbiyos. IM na iniksyon: nabawasang gana sa pagkain, pagkahilo, pagkahimatay, reaksyon sa bahaging pinagturukan

Iba pang posibleng side effect: posibleng magdulot ng pinsala sa atay, depresyon, allergic pneumonia, posibilidad na ma-overdose sa opioid, mga hindi pangkaraniwang naiisip/gawi

## Varenicline

Mga karagdagang posibleng side effect: mga hindi normal na panaginip, masamang pakiramdam, pagbabago sa gawi, problema sa pagtulog, kawalan ng regla o masakit na regla, pagbabago sa panlasa, pananakit, pag-utot, pananakit ng ngipin